Bayan ng Discovery Bay

Determinadong Magserbisyo sa Ating Komunidad

Mahal na Residente/Negosyo ng Bayan ng Discovery Bay,

Bilang inyong Distrito ng mga Serbisyong Pangkomunidad (Community Services District, CSD), narito ang Bayan ng Discovery Bay para maghatid at magbigay ng mahahalagang de-kalidad na serbisyo na nagpapabuti sa kalagayan ng komunidad at sa kalidad ng buhay. Mula sa pagbibigay ng ligtas na suplay ng tubig at maayos na sistema ng maruming tubig, hanggang sa pangangalaga ng ating mga parke at mga programa ng libangan, pati na rin ang pagpapanatili ng kagandahan ng ating mga pampublikong lugar, nakatuon kami sa pagtugon sa iyong mga pangangailangan.

May malasakit kami sa tiwalang ibinibigay mo sa Bayan at seryoso naming ginagampanan ang aming tungkulin upang matugunan ang patuloy na nagbabagong pangangailangan ng ating komunidad. Makikita ang dedikasyong ito sa mahahalagang proyektong isinasagawa namin sa kasalukuyan at pinaplano para sa hinaharap. Kabilang dito, ngunit hindi limitado sa, pagpapalit ng mga lumang linya ng tubig, pag-i-install ng Well 8 upang matugunan ang lumalaking pangangailangan sa tubig, at pagpaplano ng isang solar project para makatipid nang malaki sa enerhiya. Bukod pa rito, para matiyak ang pagsunod sa mga regulasyon ng estado, kailangang ilipat ng Bayan ang gusali ng administrasyon nito at kasalukuyan itong nagsisikap na makapagtayo ng isang matipid na pasilidad na magseserbisyo sa mga residente ngayon at sa hinaharap.

Upang patuloy na makapagbigay ng de-kalidad na serbisyo at matugunan ang mga kinakailangang regulasyon, inuuna ng Bayan ang mga proyektong nagsisiguro na ang mga operasyon at pasilidad ay moderno at nag-aalok ng pinakamabisang serbisyo para sa mga residente. Ang pagpopondo para sa mga pagpapabuti sa sistema ng malinis na tubig at maruming tubig ay maaaring mangailangan ng paminsan-minsang pagtatakda ng mga bayarin upang matustusan ang na gastos
na kaakibat ng pagbibigay ng mga serbisyong ito.

Pagpapanatili ng imprastraktura ang siyang susi upang ang Discovery Bay ay maging isang magandang lugar na matitirhan, mapagtatrabahuhan, at mapaglilibangan. Pinahahalagahan namin ang pakikinig sa aming mga residente at ang paghuhubog ng mga serbisyo upang matugunan ang patuloy na nagbabagong pangangailangan ng ating bayan. Kung magkakaisa tayo, maipagpapatuloy natin ang pagtatatag ng isang komunidad na sumasalamin sa mga paniniwala at mithiin ng mga naninirahan dito.

Matuto pa tungkol sa kung paano kami nagsisikap para sa iyo sa **www.todb.ca.gov**.